



# KAKAYAHANG TIRAHAN 102: IPINAHIWATIG NA GARANTIYA NG KAKAYAHANG MATIRAHAN

## Ano ang garantiya ng kakayahang matirahan?

Ang garantiya ng kakayahang matirahan ay isang ipinahiwatig na pangako sa bawat kasunduan sa pagrenta na ang upa ng propyedad ay akma para tirahan ng tao. Magsisimula ang garantiya sa simula ng pangungupahan at magpapatuloy sa tagal nito.

Ito ay nakabalangkas sa Civil Code 1941.1 at ipinahiwatig sa bawat kasunduan sa pag-upa ng tirahan sa California, partikular man o hindi na binanggit ito ng kasunduan sa pag-upa.

## Green laban sa kataas-taasang Hukuman [Superior Court]

Ang Green v. Superior Court noong 1974 (Tingnan ang Green v. Superior Court, 10 Cal. 3d 616, 638 (1974)), ay napagpasya na ang isang nagpapaupa ay legal na may pananagutan para sa pag-aayos ng mga kondisyon na seryosong nakakaapekto sa tirahan ng yunit ng paupahang bahay. Ang nagpapaupa ay walang pananagutan sa pagkukumpuni ng ilang partikular na sira dulot ng nangungupahan o ng pamilya ng nangungupahan, mga bisita o mga alagang hayop (tingnan ang pilyego ng katotohanan sa "Mga Obligasyon ng Nangungupahan at Nagpapaupa" para sa higit pang impormasyon tungkol dito).

## Mga pinakakaunting kinakailangan ng isang matitirahang residensyal na yunit:

Ayon sa batas, ang California Civil Code seksyon 1941.1 ay nangangailangan ng isang tirahan na magkaroon ng lahat ng sumusunod:

- mabisang waterproofing
- hindi basag na mga bintana at mga pinto
- gumaganang tuberyas at mga pasilidad ng gas
- mainit at malamig na umaagos na tubig
- tamang sistema ng dumi sa alkantarilya
- init
- gumaganang mga de-koryenteng ilaw at mga kable
- malinis na paligid
- walang mga daga at peste
- sapat na bilang na mga basurahan
- ang mga sahig, mga hagdanan, at mga rehas ay pinananatiling maayos
- isang nakakandadong mailbox para sa bawat tirahang yunit sa isang pamahayang hotel

**MAHALAGA:** Ang mga nangungupahan ay dapat makipag-usap sa isang abogado kung mayroon silang mga partikular na isyu sa kanilang mga paupahang yunit. Ang flyer na ito ay para sa pangkalahatang impormasyon lamang.



Para sa karagdagang impormasyon:

